**PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY**
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**BAHAGI NG KATITIKAN NG DI-PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG HUNYO 30, 2001, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.**

**DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Fernando R. Cabitac, Jr | - | Pang. Punong Bayan Tagapamatnugot |
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | Konsehal |
| Kgg. Sharon B. De Leon | - | " |
| Kgg. Joey T. Calderon | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Arturo R. Valle | - | " |
| Kgg. Pochollo A. Esguerra | - | " |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | " |
| Kgg. Reggie Lynn R. Gonzaga | - | " |
| Kgg. Archie R. Calderon | - | Pangulo ng Liga ng Sangguniang Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |

\- ----------------

**KAPASYAHAN BLG. 01**

**KAPASYAHANG NAGSASAAD NG PAG-UUKOL NG TAOS PUSONG PASASALAMAT MULA SA LAHAT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG BAYAN PARA SA MGA MAMAMAYAN NG BAYANG ITO BUNGA NG KANILANG PAGTITIWALA SA MGA TAONG KANILANG INIHALAL NA UUGIT NG PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY**

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Taytay na nasa ilalim ng Republika ng Pilipinas ay isang Pamahalaang malaya at pantay-pantay o' Pamahalaang Demokratiko;

SAPAGKAT, ang katatapos ng halalan sa bayang ito at sa lahat ng pook ng Pilipinas ay isa lamang sa mga bunga ng isang pamahalaang Demokratiko, na magkaroon ng malayang isipan ang mga tao sa pamamagitan ng ibat-ibang lapian at samahan pulitiko na magdadala at mananagutan sa mga taong nagnanais maglingkod sa bayan;

SAPAGKAT, ang halalan na idinaos nuong ika-14 ng Mayo 2001 sa bayang ito ay lubhang tahimik at makatarungan, kaya't ang hatol ng bayan

ay iginawad sa bawa't isang humarap sa bayan ng walang ano mang sagabal; at

SAPAGKAT, ninanais ng mga bagong halal na mamumuno sa bayang ito na iparating ang kanilang mataos pusong pasasalamat sa mga mamamayan taga Taytay, Lalawigan ng Rizal.

PINAGPASYAHAN, na kagaya ng pagkakapasya, na ang bumubuo ng Sangguniang Bayan, at ang Punong Bayan, June V. Zapanta, ay taos pusong nagpapasalamat sa POONG MAYKAPAL sa kanyang pagsubaybay at pagbibigay ng liwanag sa isipan ng bawat isang mamamayan lalo na sa mga taong nagdadala ng ibat-ibang lapian at samahang Pampulitika, na naging mahinahon, maayos at tahimik ang nakaraang halalan, gayundin nagpapaabot ng mataos na pasasalamat sa bawat isang mamamayan sa bayang ito sa kanilang matahimik na paggamit ng kanilang karapatan;

PINAGPASYAHAN PA, na ang bawat isang mamamayan ay buong pusong pinakiki-usapan na mag-ukol ng taimtim na panalangin para sa ikapagtatagumpay ng bagong pangasiwaan;

PINAGTIBAY, ngayong ika-30 ng Hunyo, 2001, dito sa Session Hall, Gusaling Pamahalaan Taytay, Rizal.

\- ------ ------ ---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng nilalaman ng kapasyahang ito, na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na di-Pangkaraniwang pulong nang ika-30 ng Hunyo taong 2001 sa bulwagang kapulungan ng gusaling Pambayan ng Taytay

**MA. LOURDES P. DISTOR**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Bayan
Board Secretary II

**PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:**

**FERNANDO R. CABITAC, JR**
Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**JUNE V. ZAPANTA**
Nanunuparang Punong Bayan